# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN
## Sta. Cruz, Laguna

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS NOONG HULYO 05, 2021, LUNES, IKA-10:14 NG UMAGA, SA BATASANG BAYAN, GUSALING ESCOLAPIA, SANTA CRUZ, LAGUNA

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang LAARNI A. MALIBIRAN | ..... | PANG. PUNONG BAYAN Tagapangulo |
| Kagalang-galang Louie C. De Leon | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Ambiel John C. Panganiban | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lea A. Almarvez | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Ramon D. Tan | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Mark Anthony P. Jovem | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Efren L. Diaz | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lucena R. Odejar | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Alan T. Pamatmat | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Patrocinia S. Kalaw | ..... | Kagawad/ABC Federation President |
| Kagalang-galang Regine S. Regalado | ..... | Kagawad/ SK Federation President |

**KAPASIYAHAN BLG. 319-T2021**

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG PAGKILALA SA KAHALAGAHAN NG CAMP HENERAL PACIANO RIZAL PARK SA SANTA CRUZ, LAGUNA BILANG ISA SA MGA MAKASAYSAYANG LUGAR SA BAYANG ITO.**

**SAPAGKAT,** responsibilidad ng pamahalaan ang pagtibayin ang pagkakatalos palawigin ang kaalaman at ituwid ang katotohanan ng kasaysayan ng bayan, nasyunal, o local at bantayan ang nasyunalismo ng ating mga mamamayan, pagmamahal sa bayan, paggalang sa alaala ng ating mga bayani at pag-ibayuhin ang pagkakaisa sa harap ng pagkakaiba ng gawi, tradisyon at katutubong wika;

**SAPAGKAT**, nasasaad sa Seksyon 14 hanggang 17, Artikulo XIV ng 1987 Konstitusyon na dapat pangasiwaan ng Estado ang pangangalaga, pagpapayaman at makabuluhang ebolusyon ng kulturang Filipino base sa prinsipyong pagkakaisa sa harap ng pagkakaiba sa malayang lipunan;

**SAPAGKAT**, nasasaad sa Batas Republika 10066 na dapat protektahan at alagaan ng pamahalaan ang mga pamana ng lahi, kasaysayan, at katutubong yaman ng lokal na lipunan;

**SAPAGKAT,** ang Camp Heneral Paciano Rizal ay nagbibigay sa atin ng alaala ng nakaraan ng pagkakaisa na ipaglaban ang ating karapatan at kalayaan mula sa mapang-aliping Sistema ng kolonyalismo na mahalagang isalin sa susunod na henerasyon, kaya dapat pangalagaan ang pisikal nitong integridad upang mas maliwanag na maalala ang simbolismo at ang panahong nagbigay ng kahilingan sa pagkakatatag nito;

**SAPAGKAT,** isinilang si Paciano Rizal noong ika-09 ng Marso 1851 sa Calamba, Laguna. Nagtatag ng La Juventud Liberal na samahan ng mga repormista at hinirang na Brigadyer Heneral noong Enero 1897;

**SAPAGKAT**, pinamunuan niya ang pwersang Filipino sa pagpapalaya ng Santa Cruz mula sa Espanyol sa tulong nina Severino Taiño at iba pang pinunong Filipino at hinirang na maging pangkalahatang pinuno ng pwersang Filipino sa Laguna noong panahon ng Digmaang Filipino-Amerikano noong 1899;

**SAPAGKAT**, itinatag ang Laguna Police Provincial noong 1945 makaraan ang Pangalawang Digmaang Pandaigdig sa pangunguna ni Col Nay bilang unang Kumender ng Yunit;

**SAPAGKAT,** ang Laguna Provincial Command ay pinangalanang Laguna PC Command sa ilalim ng IV PC Zone sa Camp Vicente Lim ng Canlubang, Calamba, Laguna noong Pebrero 15, 1960 at ngayo'y inilipat na sa Barangay Bagumbayan, Santa Cruz, Laguna;

**SAPAGKAT**, noong ika-17 ng Hunyo 2011, sa pangunguna ni Police Senior Superintendent Gilbert DC Cruz, Panlalawigang Direktor ng Kapulisan ng Laguna, ang kampo ay pinangalanang Camp Heneral Paciano Rizal, kasabay din nito ang pagtatayo ng bantayog ni Heneral Paciano Rizal bilang pag-alala sa kanya;

**SAPAGKAT**, noong ika-07 ng Abril 2021, isang parke ang itinayo na pinangalanang Heneral Paciano Rizal sa pangunguna ni Police Colonel Serafin Fortuno Petalio II, Panlalawigang Direktor ng Kapulisan ng Laguna;

KGG. MARK ANTHONY P. JOVEN Kagawad
KGG. RAMON D. TAN Kagawad
KGG. LEA A. ALMARVEZ Kagawad
KGG. AMBIEL JOHN C. PANGANIBAN Kagawad
KGG. LOUIE C. DE LEON Kagawad
KGG. EFREN L. DIAZ Kagawad
KGG. LUCENA R. ODEJAR Kagawad
KGG. ALAN T. PAMATMAT Kagawad
KGG. PATROCINIA S. KALAW ABC Federation President
KGG. REGINE S. REGALADO SK Federation President

KGG. MARK ANTHONY P. JOVEN
Kagawad

KGG. RAMON D. TAN
Kagawad

KGG. LEA A. ALMARVEZ
Kagawad

KGG. AMBIEL JOHN C. PANGANIBAN
Kagawad

KGG. LOUIE C. DE LEON
Kagawad

KGG. EFREN L. DIAZ
Kagawad

KGG. LUCENA R. ODEJAR
Kagawad

KGG. ALAN T. PAMATMAT
Kagawad

KGG. PATROCINIA S. KALAW
ABC Federation President

KGG. REGINE S. REGALADO
SK Federation President



**SAPAGKAT**, noong ika-08 ng Mayo, 2021 sa pamumuno ni Police General Guillermo Lorenzo T. Eleazar, Hepe ng Pambansang Pulisya ng Pilipinas ay itinatag ang programang Instensified Cleanliness Police (ICP) at isa sa pangunahing proyekto ng Laguna Police Provincial Office ay ang General Paciano Rizal Park at ang pagkilala ng bayan ng Santa Cruz sa kahalagahan nito.

**KUNG KAYA'T DAHIL DITO ,** sa mungkahi ni Kgg. Regine S. Regalado (Tagapamuno ng Lupon sa Turismo), na pinangalawahan nina Kgg. Mark Anthony P. Joven, Kgg. Lucena R. Odejar, Kgg. Patrocinia S. Kalaw at Kgg. Ambiel John C. Panganiban at sa buong pagsang-ayon ng mga kasapi ng Sangguniang Bayan, ay

**PINAGPASIYAHANG**: Pagtibayin ang sumusunod:

**KAUTUSANG BAYAN BLG. 019-T2021**
**KAUTUSANG PINAGTITIBAY ANG PAGKILALA SA KAHALAGAHAN NG CAMP HENERAL PACIANO RIZAL PARK SA SANTA CRUZ, LAGUNA BILANG ISA SA MGA MAKASAYSAYANG LUGAR SA BAYANG ITO.**

**IPINAG-UUTOS** ng Kagalang-galang Sangguniang Bayan ng Santa Cruz, Laguna na:

**SEKSYON 1 –** Ang kautusang ito ay tatawaging "Kautusang pinagtitibay ang pagkilala sa kahalagahan ng Camp Heneral Paciano Rizal Park sa Santa Cruz, Laguna bilang isa sa mga makasaysayang lugar sa bayang ito.

**SEKSYON 2 -** Ang Pamahalaang Lokal ng bayan ng Santa Cruz ay maglalaan ng pondo para sa pag-aalay ng bulaklak sa anibersaryo ng kanyang kapanganakan.

**SEKSYON 3 –** Ang Pamahalaang Lokal ng Santa Cruz sa pakikipagtulungan ng Camp Heneral Paciano Rizal ay makikipag-ugnayan sa National Historical Commission of the Philippines (NHCP) at National Commission for Culture and the Arts (NCCA) para sa tulong teknikal ng tamang pangangalaga sa gusali, at malagyan ng pananda (historical marker) ang kampo bilang patunay ng kahalagahan nito sa kasaysayan ng Santa Cruz at upang lubos na maunawaan ng mga taong makakabasa nito.

**SEKSYON 4-** KAPARUSAHAN. Ang sinomang mga tauhan ng pamahalaan na lumabag sa kautusang ito ay papatawan ng kaparusahang naaayon sa itinatadhana ng Komisyon ng Serbisyo-sibil ukol sa patakaran at regularsyon, administrative case at iba pang kaugnay sa batas.

**SEKSYON 5 –** Anumang bahagi ng mga Kautusang Bayan na sumisinsay sa kautusang ito ay pinawawalang-bisa.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahan/kautusang ito ang Kagalang-galang Sangguniang Panlalawigan, Kagalang-galang Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Tagatuos, Pambayang Tagapagbalangkas at Tagapag-ugnay sa Kaunlaran, Pambayang Inhinyero, Pambayang Turismo, Kultura at Sining; Kagawaran ng Interyor at Pamahalaang Lokal, Laguna Provincial Culture and Arts, National Historical Commission of the Philippines, Camp Heneral Paciano Rizal at mga may kinalaman, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY. Hulyo 05, 2021**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

MARIA TERESA ROBLES-LABOG
Kalihim ng Sangguniang Bayan

Karugtong ng Kapasiyahan Blg. 319-T2021 / Kautusang Bayan Blg. 19-T2021



**KGG. LOUIE C. DE LEON**
Kagawad

**KGG. AMBIEL JOHN C. PANGANIBAN**
Kagawad

**KGG. LEA A. ALMARVEZ**
Kagawad

**KGG. RAMON D. TAN**
Kagawad

**KGG. MARK ANTHONY P. JOVEN**
Kagawad

**KGG. EFREN L. DIAZ**
Kagawad

**KGG. LUCENA R. ODEJAR**
Kagawad

alan T. Pamatmat
**KGG. ALAN T. PAMATMAT**
Kagawad

**KGG. PATROCINIA S. KALAW**
ABC – Federation President

**KGG. REGINE S. REGALADO**
SK – Federation President

NAGPATOTOO:

**KGG. LAARNI A. MALIBIRAN**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

7/15/21
**KGG. EDGAR S. SAN LUIS**
Punong Baya